5

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# Baitang – 5 FILIPINO Modyul 1


**Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writer:** | Evangeline D. Sason |
| **Illustrator:** | Evangeline D. Sason |
| **Layout Artist:** | Ms. Anna Lisa T. Magbitang |
| **Content Editors:** | Mrs. Ofelia F. Cruz  Ms. Marites M. Tabor |
| **Language Editor:** | Mrs. Ofelia F. Cruz  Mr. Jeremiah V. Castro |
| **Management Team:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Mauro C. De Gulan, SDS SDO-Malabon City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Dr. Josefina M. Pablo, CID Chief SDO-Malabon City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo  EPS, FILIPINO - NCR<br>Mr. Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Ms. Ofelia F. Cruz SDO EPS, Filipino MTB – Malabon City<br>Ms. Dalisay E. Esguerra, LR EPS SDO-Malabon City<br>Ms. Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Ms. Ana Lisa M. Mesina, PDOII  SDO-Malabon City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

## MODYUL 1: PAGGAMIT NG PANG-ABAY SA PAGLALARAWAN NG KILOS NAGAGAMIT ANG PANG-ABAY AT PANG-URI SA PAGLALARAWAN

### Inaasahan

- Nagagamit ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos F5WG-IIIa-c-6
- Nagagamit ang pang-abay at pang-uri sa paglalarawan F5WG-IIId-e-9



Magandang araw kaibigan. Ako ay natutuwa sa ating muling pagsasama. Sa araw na ito ay magtutulungan tayo upang lubusan mong maunawaan ang ating aralin.

Lubos kong hinahangaan ang iyong pagsisikap sa pag-aaral. Nawa ay maipagpatuloy mo ito para sa iyong magandang kinabukasan.

Handa ka na ba sa panibagong kaalaman na iyong matututuhan? Pagkatapos ng modyul na ito, inaasahan kong natutuhan mo ang sumusunod:

a. nagagamit nang wasto ang pang-abay sa paglalarawan ng kilos;

b. natutukoy ang pagkakaiba ng gamit ng pang-uri at pang-abay sa paglalarawan, at

c. nakasusulat ng pangungusap gamit ang pang-uri o pang-abay sa paglalarawan.

## Unang Pagsubok

**Panuto:** Suriin ang mga salitang naglalarawang ginamit sa loob ng pangungusap. Isulat ang **PU** kung ginamit bilang Pang-uri at **PA** kung ginamit bilang Pang- abay.

_____1. *Marahang* magpatakbo ng sasakyan si Lolo Primo.

_____2. *Marahan* ang mga langgam sa pagkilos.

_____3. *Masayang* ipinagdiwang ni Upoy ang kanyang kaarawan.

_____4. Si Nanay Cess ay isang *masayang* lola.

_____5. Ang mga regalo ay *maingat* niyang itinago sa kanyang aparador.

_____6. *Maingat* na kawani si Mang Robert.

_____7. *Mabilis* na tumalon ang manlalaro.

_____8. Ang kabayo ay *mabilis* na hayop.

_____9. *Marunong* gumawa ng paraan ang mga napinsala ng kalamidad.

_____10. Si Momoy ay marunong sa kanilang klase.

## Balik-Tanaw

**A. Panuto:** Tukuyin ang pang-uring ginamit sa bawat pangungusap.

_____1. Matapat ang kanyang ama sa tungkulin nito sa hanapbuhay.

_____2. Isang mapagkakatiwalaang ama ang kanyang kabiyak.

_____3. Kasama niya sa kanyang hanapbuhay ang kanyang mabait na maybahay.

_____4. Kahit na istrikto ang amo na kanilang pinapasukan, kanila pa rin itong pinaglilingkuran

_____5. Masaya ang mag-asawa sa pagtataguyod ng kanilang pamilya.

**B. Panuto:** Tukuyin ang pang-abay na ginamit sa bawat pangungusap.

_____1. Nagniningning ang mga bituin kagabi, napansin mo ba?

_____2. Tunay na kaaya-ayang pag-uugali ang paggalang sa nakatatanda.

_____3. Nagtutungo sa simbahan ang mga tao upang manalangin.

_____4. Matiyagang nag- iipon ang kanyang Ate Aida upang hindi magipit sa oras ng pangangailangan.

_____5. Totoong hindi mahuhulaan ang ating kinabukasan kaya't dapat paghandaan.

## Maikling Pagpapakilala sa Aralin

**Panuto:** Basahin at suriin ang bawat pangungusap.

| A | B |
|---|---|
| 1.Si Mang Inggo ay **maingat** na manggagawa | 1. **Maingat** humawak ng kaniyang kinita si Mang Inggo. |
| 2. Ang **masipag** na anak ay kinalulugdan ng kaniyang mga magulang. | 2. Ang anak ay **masipag** tumulong sa mga gawaing bahay |
| 3. **Magandang** balita ang nabasa ni Rolly sa natanggap na liham | 3. **Magandang** sumayaw ang anak na panganay ni Mang Rolly. |

Pagsusuri:

1. Ano ang binibigyang-turing ng salitang maingat sa hanay A?
2. Ano ang binibigyang-turing ng salitang maingat sa hanay B?
3. Ano ang binibigyang-turing ng salitang masipag sa hanay A?
4. Ano ang binibigyang-turing ng salitang masipag sa hanay B?
5. Ano ang binibigyang-turing ng salitang maganda sa hanay A?

## Gawain

**Panuto:** Suriin ang mga salitang nakahilig sa loob ng pangungusap.
Bigyang-pansin ang mga salitang binigyang-turing at tukuyin kung ginamit ito bilang pang-uri o pang-abay.
Punan ang tsart ng tamang sagot ayon sa hinihingi. Gamiting gabay ang bilang 1.

| | *Salitang Nakahilig* | Salitang Binigyang-turing | Pang-uri o Pang-abay |
|---|---|---|---|
| 1. *Mataimtim* na nagdarasal ang bawat isa para sa kanilang kaligtasan. | mataimtim | nagdarasal | pang-abay |
| 2. *Mataimtim* ang mga tao sa pagdarasal. | | | |
| 3. *Malinis* ang kalooban ng mga taong tapat sa katungkulan. | | | |
| 4..*Malinis* maglaba ang kasambahay nila, | | | |
| 5. *Malinaw* ang mensaheng ipinarating sa kanya ng kanyang ina. | | | |

## Tandaan

May mga salitang ginagamit sa paglalarawan, maaaring ito ay pang-uri o pang-abay. Dapat nating tandaan ang sumusunod upang matiyak kung ang gamit nito ay bilang pang-uri o pang-abay.

1. Kung ang binibigyang-turing o pinag-uukulan ng salita ay isang pangngalan o panghalip, ang gamit nito ay pang-uri.

   Halimbawa:

   Ang mga unggoy ay **maliksi** sa pag-akyat sa puno
   (pangngalan)

2. Kung ang binibigyang turing o pinag-uukulan ng salita ay pandiwa, pang-uri o kapwa pang-abay ang gamit nito ay pang-abay.

   Halimbawa:

   **Maliksing** sinungkit ni Dolfo ang mga bunga ng mangga.
   (pandiwa)

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Suriin ang mga pangungusap**.** Isulat sa unang patlang ang salitang binigyang-turing ng salitang naglalarawan. Sa ikalawang patlang, tukuyin kung ginamit na pang-uri o pang-abay ang mga ito. Gamiting gabay sa pagsagot ang bilang 1.

1. Mabilis na tumakbo ang mga kabayo sa kuwadra.
   Sagot: ______tumakbo____________ _________pang-abay_____
2. Masaya ang mga tao sa pagdiriwang ng kanilang kapistahan.
   Sagot: ________________________ ____________________________
3. Ang bawat isa ay masayang naghahanda sa kanilang hapag-kainan.
   Sagot ________________________ ____________________________
4. Mahusay magpaliwanag ang punong tagapagsalita ng palatuntunan
   Sagot: ________________________ ____________________________
5. Maayos na idinaos ng mga tao ang kanilang kapistahan.
   Sagot: ________________________ ____________________________
6. Si Mayumi ay maayos sa pananamit.
   Sagot: ________________________ ____________________________
7. Madaling natapos ang pagtatanghal ng palatuntunan.
   Sagot: ________________________ ____________________________
8. Ang pagtatanghal ay madali para sa mga mag-aaral.
   Sagot: ________________________ ____________________________
9. Maingat niyang itinulak ang kariton sa kalsada.
   Sagot: ________________________ ____________________________
10. Maingat siya sa kanyang mga pagkilos.
   Sagot: ________________________ ____________________________

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Sumulat ng pangungusap na may pang-uri at pang-abay gamit ang mga larawan.



Pang-uri: ______________________________________

______________________________________

Pang-abay: ______________________________________

______________________________________



Pang-uri: ______________________________________

______________________________________

Pang-abay: ______________________________________

______________________________________



Pang-uri: ______________________________________

______________________________________

Pang-abay: ______________________________________

______________________________________



Pang-uri: ______________________________________

______________________________________

Pang-abay: ______________________________________

______________________________________

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

| | |
|---|---|
| 1. PA | 6. PU |
| 2. PU | 7. PA |
| 3. PA | 8. PU |
| 4. PU | 9. PA |
| 5. PA | 10. PU |

**Balik-Tanaw**

| A. | B. |
|---|---|
| 1. matapat | 1. kagabi |
| 2. mapagkakatiwalaan | 2. tunay |
| 3. mabait | 3. sa simbahan |
| 4. Istrikto | 4. matiyaga |
| 5. masaya | 5. totoo, hindi |

**Maikling Pagpapakilala**

1. Mang Inggo
2. humawak
3. anak
4. tumulong
5. balita

**Pag-alam sa Natutuhan**

2. tao- pang-uri
3. naghahanda- pang-abay
4. magpaliwanag- pang-abay
5. idinaos- pang-abay
6. pananamit- pang-uri
7. natapos- pang-abay
8. pagtatanghal- pang-uri
9. itinulak- pang-abay
10. siya- pang-uri

**Gawain**

| | *Salitang Nakabilig* | Salitang Binigyang-turing | Pang-uri o Pang-abay |
|---|---|---|---|
| 1. *Mataimtim* na nagdarasal ang bawat isa para sa kanilang kaligtasan. | mataimtim | nagdarasal | pang-abay |
| 2. *Mataimtim* ang mga tao sa pagdarasal. | mataimtim | tao | pang-uri |
| 3. *Malinis* ang kalooban ng mga taong tapat sa katungkulan. | malinis | kalooban | pang-uri |
| 4. *Malinis* maglaba ang kasambahay nila. | malinis | maglaba | pang-abay |
| 5. *Malinaw* ang mensaheng ipinarating sa kanya ng kanyang ina. | malinaw | mensahe | pang- uri |

**Pangwakas na Pagsusulit**

Pagwawasto ng guro at pagmamarka sa mga nabuong pangungusap ng mga mag-aaral.


**Sanggunian**

DepEd Commons K12 MELC's

DepEd BLR LRMS Illustration